

Mayroong pangangailangan para sa Elk Grove Unified School District (EGUSD) na mamahagi ng kagamitang panteknolohiya sa mga estudyanteng may limitado o walang access sa mga device sa bahay. Ang aming mithiin ay siguraduhing ang bawat estudyante ay may pantay-pantay na access sa kagamitang panteknolohiya upang magkaloob ng distance learning sa panahong sarado ang mga paaralan.

Kagaya ng sa anumang hinihiram na pag-aari ng paaralan (aklat-pampaaralan, aklat sa library o kagamitang pang-sports), ang anumang kagamitang panteknolohiyang nai-check out sa estudyante ay responsibilidad ng mga legal na magulang/tagapag-alaga at ng estudyante na siguraduhin ang kaligtasan at seguridad ng device sa bahay. Kung ang inilabas na mga device ng EGUSD ay sinadyang sinira o hindi ibinalik sa EGUSD, **responsable ang mga legal na magulang/tagapag-alaga at estudyante na makipagtulungan sa lugar ng paaralan sa pagbawi ng gastos sa pagpapaayos o pagpapalit (AR 5125.2).**

Ang lahat ng kagamitang panteknolohiya ng EGUSD ay **DAPAT** ibalik sa katulad na gumaganang kondisyon sa lugar ng paaralan kapag iniutos.

**Mangyaring pag-aralang mabuti ang Mga Patnubay sa Responsableng Paggamit at Pangangalaga na nakalista sa ibaba:**

---

## Responsibilidad at Pangangalaga sa Kagamitang Panteknolohiya ng EGUSD

- Ang mga estudyante ay **DAPAT** gawing available para sa inspeksyon ang lahat ng device na inisyu ng EGUSD sa sinumang administrador o guro ng paaralan.
- Ang mga estudyante ay **DAPAT** i-ulat sa administrasyon o mga guro ng paaralan ang anumang hindi nararapat na mga komunikasyon habang ginagamit ang mga device ng EGUSD.
- Ang mga estudyante ay **DAPAT** na panatilihin ang lahat ng device na inisyu ng EGUSD na walang anumang pisikal na sira, sulat, pagguhit, sticker, o mga label na hindi pang-EGUSD.
- Ang mga estudyante ay **hinding-hindi DAPAT** iiwanan ang kagamitang panteknolohiya sa mga lugar na walang sumusubaybay, upang maiwasang masira o manakaw ang mga device.
- Ang mga estudyante ay laging **DAPAT** mag-log out, patayin, at gawing ligtas ang mga device ng EGUSD na inisyu sa kanila upang maprotektahan ang kanilang gawain/impormasyon.
- Ang mga estudyante ay **hinding-hindi DAPAT** subukang makakuha ng access sa mga account, file, at/o datos ng ibang estudyante sa anumang kalagayan.
- Ang mga estudyante ay **hinding-hindi DAPAT** susubukang i-bypass ang seguridad, mga filter at/o pananggalang ng Distrito sa device.
- Ang mga estudyante ay **DAPAT** lamang gumamit ng malinis, tuyo, malambot na tela upang linisin ang kagamitang panteknolohiya ng EGUSD; walang anumang uri ng mga cleanser o likido.
- Ang mga estudyante ay **hinding-hindi DAPAT** maglagay ng likido malapit sa anumang mga device na inisyu ng EGUSD upang maiwasan ang pagdudulot ng pagkasira mula sa likido. Kung ang anumang kagamitang panteknolohiya ng EGUSD ay nasira ng likido, **HUWAG** itong isasaksak sa charger o bubuksan ang device. Patayin ang device na inisyu ng EGUSD, alisin sa pagkakasaksak ang charger, at agad na makipag-ugnay sa lugar ng paaralan para sa mga tagubilin, paglalagak, pagkukumpuni, at pag-check out ng hinihiram na kagamitan.

## Responsibilidad ng Legal na Magulang/Tagapag-alaga sa Paggamit ng mga Device ng EGUSD sa Bahay

- Kausapin ang inyong mga anak ng tungkol sa mga kahalagahan at pamantayang dapat sundin ng inyong mga anak tungkol sa paggamit ng Internet, gaya ng ginagawa niyo pagdating sa paggamit ng lahat ng pinagmumulan ng impormasyon sa media gaya ng telebisyon, mga telepono, pelikula, at radyo.
- Regular na subaybayan ang paggamit ng inyong anak ng device at aktibidad sa Internet upang masigurong ang mga naaangkop lamang na nilalaman ang ina-access.
- Siguraduhing pinananatili ng inyong anak ang kaligtasan at seguridad ng mga itinalagang device ng EGUSD at ginagamit ang mga ito sa responsableng paraan.

## Hindi Paggana, Pagkasira, Pagkawala at Pagnanakaw

- Ang anumang mga device na inisyu ng EGUSD na hindi gumagana o sira ay **DAPAT** na iulat agad sa support number (numero ng suporta) sa ibaba para sa mga tagubilin, paglalagak, pagkukumpuni, at pag-check out ng hinihiram na kagamitan. Ang mga estudyante at legal na magulang/tagapag-alaga ay **HINDI** papanagutin para sa anumang dati nang umiiral na sira (maliliit na

gasgas, maliliit na pagkayupi, atbp.)

- Ang anumang mga device na inisyu ng EGUSD na nawala o ninakaw ay **DAPAT** na iulat agad sa numero sa ibaba. Ang mga device na nawala o ninakaw ay magreresulta sa unang pakikipag-usap sa staff ng paaralan, mga estudyante, at/o mga magulang/tagapag-alaga. *Ang pagpapasya sa patuloy na pag-access pagkatapos nito ay isasagawa nang nakabatay sa kalagayan.*

## Suporta sa Kagamitang Panteknolohiya para sa Estudyante

Makipag-ugnay sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba kung ang anumang panteknolohiyang device na inisyu ng EGUSD ay hindi gumagana, nasira, nawala, o ninakaw.

**Para sa anumang suporta sa kurikulum at mga oportunidad sa pag-aaral ng EGUSD, mangyaring makipag-ugnay sa guro ng inyong estudyante.**

- Email: [stusupport@egusd.net](mailto:stusupport@egusd.net)
- Telepono: (916) 686-0245 (Tandaan: Ito ang limitadong numero ng suporta at maaaring kailanganin ninyong mag-iwan ng voicemail na may numero ninyong tatawagan.

Sa pamamagitan ng paghiram ng Chromebook, sumasang-ayon ang mga legal na magulang/tagapag-alaga at ang estudyante sa mga tuntunin ng Hinihiram na Teknolohiya para sa Distance Learning na ito at ang estudyante ay binibigyan ng pribilehiyong gamitin ang mga panteknolohiyang device na inisyu ng EGUSD sa bahay. Ang lahat ng kagamitang panteknolohiyang inisyu ng EGUSD ay pag-aari ng EGUSD at ang lahat ng humihiram ay susunod sa [Kasunduan sa Pang-edukasyong Paggamit ng Internet at Digital na Pagkamamamayan sa Handbook ng Magulang at Estudyante ng EGUSD](#), ang [Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo - AR 6162.7/BP 6162.7](#), ang mga Serbsiyong Pagtuturo at Mapagkukunan – BP 6162.1, at sa [Aplikasyon para sa Pang-edukasyong Paggamit ng INTERNET - AR 6162.7](#).

## Pag-Access sa Internet

Pagkatapos matanggap ang mga panteknolohiyang device na inisyu ng EGUSD, kakailanganin ng mga estudyante na isaksak at buksan ang lahat ng kagamitang panteknolohiya ng EGUSD. Ang Chromebook na inisyu ng EGUSD ay **DAPAT** na nakakonekta sa isang Pantahanan/Pampubliko/Cellular Hotspot ng EGUSD na wireless network (*karaniwang kilala bilang isang Wi-Fi network*) upang ma-access ang Internet. Ang lahat ng Chromebook ng EGUSD ay tatanggap ng Nagpi-filter ng Content para sa Estudyante upang masiguro na ang pag-access ng estudyante sa Internet ay nakasunod sa mga pamantayan ng Elk Grove Unified School District. Ayon sa disenyo, nangangailangan ang Chromebook ng koneksyon sa Internet; kakailanganin ang koneksyon sa network sa bahay.

**Para sa mga sambahayang WALA pang access sa Internet sa bahay**, hinihikayat namin kayong mag-follow-up sa mga tagapagkaloob sa ating lugar. Mangyaring pag-aralan ang [Mga Mapagkukunan ng Suporta at Impormasyon sa Pag-access ng Internet para sa mga Pamilya](#) ng EGUSD sa website ng Distrito. Ang kagalingan ng paggamit ng isang tagapagkaloob ng internet ay ang mga personal na device sa bahay ay magkakaroon ng access sa Internet. Ang mga Personal na Device ay **HINDI** makakakonekta sa Hotspot ng EGUSD.

## Cellular Hotspot ng EGUSD

Naghahandog ang Distrito ng limitadong bilang ng mga Cellular Hotspot device sa mga estudyanteng (Isa kada sambahayan) **WALANG** access sa Internet sa bahay. Ang mga Chromebook lamang na inisyu ng EGUSD ang makakakonekta sa Cellular Hotspot ng EGUSD. Ang mga Personal na Device ay **HINDI** makakakonekta sa Hotspot ng EGUSD. Ang Cellular Hotspot ng EGUSD ay isang device na gumagana nang mag-isa na gumagamit ng cellular data network upang kumonekta sa Internet saanman mayroong cellular network. **Sa pamamagitan ng pagtanggap ng device ng ito, sumasang-ayon kang hindi babaguin ang mga setting ng seguridad at responsable ka sa paraan ng paggamit nito.**

- Bago gamitin ang Cellular Hotspot ng EGUSD, **siguraduhing lubos na naka-charge ang baterya**. Karaniwang inaabot ng 3-5 oras para lubos na mai-charge ang Cellular Hotspot. Upang maiwasan ang pagkasira, i-charge lamang ang device gamit ang Micro USB Charger na kasama ng Cellular



Power Button

micro USB Charging Port

Hotspot ng EGUSD.

- **HUWAG** iiwan ang Cellular Hotspot ng EGUSD nang direktang nakatapat sa araw upang hindi ito labis na mainitan o maiwasan ang hindi na paggana nito.
- Para i-on ang Cellular Hotspot ng EGUSD, **pindutin ang power button sa gilid ng 3 segundo**. Kapag kumpleto na ang hotspot power-up sequence, makikita mo ang salitang **Welcome (Maligayang Pagdating)** sa display.
- Pagkatapos gamitin ang Cellular Hotspot ng EGUSD, ang iyong Chromebook ng EGUSD ay dapat awtomatikong kumonekta sa network na **EGUSD-Chrome**. Kung ang iyong Chromebook ay **HINDI** awtomatikong nakakonekta sa network na EGUSD-Chrome, kakailanganin mong i-switch ang Chromebook sa Wi-Fi network na EGUSD-Chrome upang kumonekta sa hotspot. Kung **HINDI** mo nakikita ang network na EGUSD-Chrome bilang isang opsyon, mangyaring i-power cycle ang Chromebook (*i-off, pagkatapos i-on*) at/o i-charge ang Cellular Hotspot ng EGUSD.

- Sa Cellular Hotspot ng EGUSD sa kaliwang panig sa itaas ng screen, ay **limang may ilaw na signal bar** na tutukoy sa lakas ng iyong network signal. Dapat magkaroon ng mga bar sa kaliwang panig sa itaas upang magkaroon ng koneksyon sa Internet. **Kung ang signal ay mababa o walang nakikitang bar, kakailanganin mong pisikal na ilipat ang hotspot sa lokasyong may mas malakas na signal.**



**Tandaan:** Ang paglipat mula sa isang kuwarto patungo sa kabila mula sa isang panig ng bahay patungo sa kabila ay maaaring magresulta sa mas mahusay na cellular na koneksyon. Tandaang ang mga ladrilyo, metal na dingding, iba pang mga wireless na kasangkapan (mga baby monitor, pambukas ng pinto ng garahe, atbp.), mga kasangkapan sa kusina (microwave, refrigerator, atbp.) at/o iba pang mga Wi-Fi network ay maaaring magdulot ng mga isyu sa pagkonekta.

- Sa Cellular Hotspot ng EGUSD sa kanang panig sa itaas ng screen, ay ang icon ng baterya. Kung humina ang baterya ng Cellular Hotspot, magsisimulang mag-blink ang outline ng baterya; siguraduhing i-charge ang device. Upang maiwasan ang pagdudulot ng pagkasira at pagkawala ng bisa ng warranty, i-charge lamang ang device gamit ang Micro USB Charger na kasama ng Cellular Hotspot ng EGUSD. **Dapat naka-charge at naka-on ang Cellular Hotspot ng EGUSD upang magkaloob ng Wi-Fi signal.**
- Pagkatapos makumpleto ang iyong aralin sa klase, siguraduhing naka-**OFF** ang Cellular Hotspot ng EGUSD. **Pindutin nang matagal ang hotspot power button** hanggang sa makita mo ang salitang **Goodbye (Paalam)** sa buong screen habang nag-off ang device.